# Mga Side Effect ng Radiation Therapy

*HCS Radiation Therapy Side Effects - Tagalog*

Ang panlabas na radiation therapy ay gumagamit ng malalakas na sinag ng enerhiya para patayin ang mga selula ng cancer sa isang tumor. Ang radiation therapy ay maaaring magdulot ng mga side effect kung nasira ang mga normal na selula sa palibot ng tumor.


Ang ilang side effect ay karaniwan para sa sinumang tumatanggap ng radiation, tulad ng pagkapagod at mga problema sa balat. Ngunit ang iba pang mga side effect ay nakadepende sa kung anong bahagi ng katawan ang ginagamot. Ang radiation therapy sa baga ay maaaring magdulot ng mga problema sa paghinga. Ngunit ang radiation sa prostate ay maaaring magdulot ng kahirapan sa pag-ihi dahil ang pantog ay malapit sa prostate.

Ang mga side effect na nakalista rito ay madalas nagsisimula ng isang linggo o higit pa pagkatapos ng una mong paggamot. Ang karamihan ay bumubuti ang pakiramdam sa loob ng ilang buwan pagkatapos magwakas ng paggamot, ngunit ang ilan ay tumatagal. Wala kang mararamdaman sa oras ng sesyon. Narito ang ilan sa mga side effect na maaaring mabuo kung nakakakuha ka ng radiation sa mga bahagi ng katawan na ito.



## Utak

Pananakit ng ulo, pagkawala ng buhok, masama ang tiyan o naduduwal, pagkawala ng pandinig, mga pagbabago sa balat at anit, o kahirapang makaalala o magsalita.




## Baga, suso, dibdib

Pananakit ng lalamunan, kahirapang lumunok, o hindi nagugutim, ubo, pananakit ng dibdib, kahirapang huminga, pananakit o pamamaga ng suso, pamamaga ng braso (lymphedema)




## Tiyan, bituka, at tumbong

Masama ang tiyan o naduduwal, pananakit ng tiyan o sinisikmura, pagtatae, o hindi mapadumi




## Balat

Pamumula, pananakit, pamamaga, panunuyo, pamamaltos, panunuklap, pangingirot, pangangati, o pagkawala ng balahibo



## Ulo at leeg

Mga singaw sa bibig at lalamunan, panunuyo ng bibig, kahirapang lumunok, mga pagbabago sa panlasa, masama ang tiyan o naduduwal, mga problema sa ngipin, pamamaga ng gilagid, pamamaga ng lalamunan o leeg, pagkawala ng buhok sa ulo at mukha, o paninigas ng panga.



## Balakang (pantog, prostate, cervix, obaryo, sinapupunan)

Pagtatae, kahirapang umihi o mahapdi kapag ikaw ay umiihi, kahirapang mabuntis, o mga problemang sekswal (pananakit kapag nakikipagtalik, mas kaunting pagnanasang makipagtalik, kahirapang magkaroon ng erection)

Itanong sa iyong cancer care team kung aling mga side effect ang pinakamadalas na mangyayari para sa iyong cancer at kung ano ang maaasahan mo sa panahon ng o pagkatapos ng radiation therapy.

Upang matutunan pa ang tungkol sa pamamahala ng mga side effect ng radiation therapy, bisitahin ang website ng American Cancer Society sa **cancer.org/phm** o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.



©2024, American Cancer Society, Inc.
No. TAG081211 Rev. 6/24
BBB ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity